CHAPTER 1

"Desidido ka na ba talaga?"

Magkakrus ang dalawang binti ni Sasha habang nakaupo sa couch, hawak ang isang baso ng red wine. Sa katapat na sofa ay nakaupo ang kapatid niyang si Julianne. Tinawagan siya nito para hingin ang kanyang tulong sa pagpa-pack ng natitirang mga gamit nito.

"I'm packed. Dadalhin ko na iyan sa courier mamaya para maipadala sa Pilipinas."

Tatlong balikbayan boxes na naglalaman ng mga personal nitong gamit ang iuuwi nito sa Pilipinas. Ang ibang appliances na hindi nito madadala ay nailipat na sa apartment niya sa Dovercliffe. Ang iba naman ay sadyang iiwan sa bahay para magamit ng magrerenta rito.

"Hindi pa rin ako makapaniwalang uuwi ka sa Pilipinas. Lalong hindi ako makapaniwalang maghihiwalay kayo ni Alex."

Isang Filipino mechanical engineer na nagtatrabaho sa isang petrochemical plant sa Calgary ang asawa ni Julianne. Nagkakilala ang dalawa sa Pilipinas seven years

ago sa isang social function na dinaluhan ng mga ito. It was a whirlwind romance. They were married after six months.

Ang buong akala ni Sasha ay smooth-sailing ang relasyon ng dalawa. Nagulat na lamang siya nang tumawag ang kanyang kapatid at sabihing makikipaghiwalay na ito sa asawa nito. Noon lang niya nalaman na kalahating taon na palang may problema ang pagsasama ng mga ito.

"If only you'd let me talk to him. Naku, kung nakakamatay lang talaga ang mura!"

"Sasha…"

"Ugh! Wala na yata talagang matinong lalaki ngayon." *At wala nang relationship na nagtatagal.*

Hindi niya makontrol ang bitterness sa tinig. Siya man ay biktima rin ng isang broken relationship.

Mariin siyang pumikit. Hangga't maaari ay ayaw na niyang maalala ang ginawang pagtalikod sa kanya ng kanyang fiancé sa mismong araw ng kasal nila. Isang taon na ang nakalipas, pero sariwa pa rin sa kanya ang tinamong kahihiyan. At kahit natanggap na ni Sasha ang katotohanang hindi siya talaga minahal ni Erik, masyado pang sariwa ang sugat para balewalain.

Ipinilig niya ang ulo at inubos ang laman ng wine glass.

"To think na ipinagpalit ka niya sa cheap niyang secretary!"

Nabanggit sa kanya ni Julianne na nahuli nito minsan ang asawa sa loob ng opisina nito na kahalikan ang sekretarya.

Nakakagigil lang. Naaawa siya sa kapatid. Kung

nalaman lamang niya nang maaga, baka may nagawa pa siyang paraan. Pero mahalaga kay Julianne ang privacy at kailangan niya iyong irespeto.

"Balak ba niyang mag-file ng annulment?"

Matagal bago sinagot ni Julianne ang tanong niya. "Hindi ko alam. Sa totoo lang, hindi na ako magtataka kung gawin niya iyon."

"Julie, ano'ng ibig mong sabihin?"

"I-it's over, Sasha. I can feel it."

Naramdaman din ni Sasha ang malalim na sakit na iniinda ni Julianne. Alam niya kung gaano nito kamahal si Alex. Ano ang naging mali? Iyon ang pinakamalaking tanong.

Sa pagkakakilala niya sa lalaki, mahal na mahal din nito ang kapatid niya. Wala sa hitsura nito ang magloloko at maghahanap ng ibang babae.

But then again, looks can be deceiving.

"Julie, ano ba talaga ang nangyari? Kailan ba nagsimula ito?"

Umiling ang babae. "I don't want to talk about it."

"Pero kailangan mong sabihin sa akin."

"I know. Pero hindi pa ako handa sa ngayon. Maybe someday I'll tell you everything."

Nagpakawala siya ng buntong-hininga. "Paano kita matutulungan kung naglilihim ka sa akin?"

"Sasha, I know you mean well and I appreciate your concern. Pero problema ko ito. I'll deal with it my way. Besides, you've done enough for me already." Bahaw ang tawang narinig niya mula rito. "Napaka-ironic lang. Ako itong matanda sa ating dalawa. Ako dapat ang nag-aalaga sa iyo, pero mula pa n'ung maliliit tayo'y ikaw na itong

tumitingin sa akin."

"I don't mind. Kapatid kita at mahal kita."

Anim na taon si Julianne nang ma-diagnose ng severe hemolytic anemia—isang blood disorder na nakuha nito sa pag-inom ng antimalarial drugs. Her earlier childhood was spent between regular hospital visits and supervised activities. Habang naglalaro si Sasha sa bakuran kasama ang kanyang mga kaibigan, nasa loob ito ng silid at nagpapahinga. Na-experience niyang magtampisaw sa ulan samantalang ito ay nagkasya na lang sa panonood sa bintana. Palaging nasa likuran ni Julianne ang kanilang mga magulang. Hindi ito pinayagang gumawa ng mabibigat na trabaho o anumang activities na madaling makapagod. She never had the opportunity to finish anything. At the slightest sign of fatigue, she was confined inside her room to rest.

Nang lumaon, natuto siyang bawasan ang paglalaro dahil nakita niya kung gaanong nalulungkot ang kanyang kapatid. At nang makita niya kung paano ito umiyak habang sumasailalim sa isang blood transfusion, ipinangako niya sa sarili na aalagaan niya si Julianne.

"I wish I were like you. Kung kasing-tapang mo lang ako, baka hindi nangyari ito sa amin ni Alex."

Lumipat si Sasha sa tabi ng kapatid at inakbayan ito. "Ano ba'ng pinagsasabi mo? Hindi ikaw ang nagloko. Hindi mo dapat sisihin ang sarili mo. Besides, you were doing fine."

With the help of modern medicine and years of care, Julianne was able to grow up as a normal and healthy woman. Pero hindi naging madali rito na baguhin ang nakasanayang buhay at ibalik ang tiwala sa sarili.

May mga oras na bumabalik ito sa pagiging helplessly dependent sa ibang tao. Lalo na kapag naaalala nito ang paghihiwalay ng kanilang mga magulang na sinundan ng maagang pagkamatay ng kanilang ina sa isang aksidente. Hindi nito maiwasang sisihin ang sarili.

In fairness kay Julianne, hindi naman ito tumigil sa pagpupursigi na mapabuti ang sarili.

Marrying Alex and moving with him abroad was the boldest thing her sister ever did. Ilang taon din namang naging maayos ang pagsasama ng dalawa.

Umiling si Julianne. "Duwag ako, Sasha. Mabuti na nga sigurong maghiwalay kami ni Alex. God knows he deserves someone better than me."

"Julie..." Bawat himaymay ng katawan niya ay tumatanggi sa sinabi nito. How could a two-timing son-of-a-bitch deserve someone better than her sister? Maaaring hindi perpekto si Julianne, pero marami itong magagandang katangian. She would've stated her opinion if not for some inner voice reminding her that she didn't know the whole truth.

"Sasha, gusto kong mangako ka sa akin na hindi mo siya kokomprontahin kapag nakabalik siya."

Dalawang araw na mula nang lumipad patungong Bahrain si Alex. Isang buwan itong madedestino roon. At least, he had the respect to inform his wife.

"Bakit hindi?" kunot-noong tanong niya. "Dapat malaman niya kung gaano ka nasaktan sa ginawa niya."

"Sinaktan ko rin siya. Please, Sasha, just promise me. I know you've painted him as the villain. Pero may pagkukulang din ako. You've been dying for answers and I understand that. Pero sa ngayon, gusto ko munang

mag-isip, gusto ko munang manahimik. And I want your assurance."

Matagal siyang nanahimik.

"Sasha..."

"Okay! Pagbibigyan kita. But you better tell me everything soon. Alam mong pagdating sa iyo'y lumalabas ang pagiging taklesa ko."

"Thank you."

"Alam ba ni Alex na uuwi ka ng Pilipinas?"

"Hindi." Humilig si Julianne sa balikat niya. "I'm tired. Can we stop talking about Alex for a while?"

"Sure. Gusto mo bang umidlip muna?"

Umiling ito. "Marami pa akong gagawin. May mga gamit sa attic na gusto kong i-dispose na. Help me sort them out. Baka may puwede pang i-donate sa local shelter."

"Alam mo, nakakahinayang itong apartment mo," komento niya habang binabagtas ang makipot na hagdanan papunta sa attic.

"Puwede ka namang lumipat dito."

"Hindi na. Komportable na ako sa pad ko."

Binuksan ni Julianne ang pinto papasok sa attic. Pinindot nito ang switch na nasa gilid ng pinto. Napuno ng liwanag ang maliit na silid. Puno iyon ng mga boxes na naglalaman ng sari-saring abubot. Isang bukas na box ang umagaw sa pansin ni Sasha. It was filled with old trinkets; empty photo frames, an old tripod, several plastic ornamental displays, unlabeled empty wine bottles in different shapes and sizes and... a rectangular piece of something black caught her eyes. Nasa pinakailalim na bahagi iyon ng box. Maingat niyang inilabas ang mga

gamit sa ibabaw hanggang na makuha niya ang bagay.

It was some sort of book with a leather latch, smaller but wider than the average paperback, the leather cover already rough and dull from age. Hinaplos niya ng isang daliri ang namuting crease sa gilid kung saan madalas natutupi ang cover sa bawat pagbuklat. The surface felt grainy and her finger came out dirty with dust.

"Ano 'yang hawak mo?" tanong ni Julianne sa kanyang likuran.

"Hindi ko alam. Parang libro. Nakita ko sa pinakailalim n'ung kahon na 'yun."

"Hmm... Parang hindi sa amin ang mga gamit na 'to," sabi nito matapos silipin ang itinuro niyang kahon. Bumalik ito sa tabi niya. "Buksan mo."

She didn't need to urge her twice. Sasha was already dying of curiosity.

"Julie, it's a journal," anas niya.

Sinilip nito ang dated entries sa bawat page. "Kaninong journal ito?"

"Be careful!" saway niya nang makita ang mabilis nitong paglilipat ng pahina.

"Walang nakalagay na pangalan."

"Akin na nga."

Wala ngang nakasulat kung sino ang may-ari. Sa kabila ng naninilaw nang papel na may bahid pa ng alikabok at natuyong dumi, malinaw pa ring nababasa ang nakasulat. The author's handwriting was smooth and the notes were written in elegant script.

September 8, 1941 ang petsang nakasulat sa unang entry.

We unboarded the shuttle at the San Francisco port. The bulk of the US luxury ocean liner, the SS President Coolidge loomed before us. The air sizzled with nervous energy. I glanced around me, at faces wearing the same determined expression.

Not long ago, we were boys fresh from high school, with the reckless exuberance of youth, with dreams of fame and fortune and girls. But the world is changing, ravaged by an evil that needs to be contained.

The call came—to defend, to fight—and we answered.

It took a year to make men out of us. Now we wear the short haircut of the Army, dressed in identical olive drab uniforms bearing the battalion insignia.

The order to fall in line and board the ship came. As I climb aboard I keep wondering about my life ahead. Our task is to reinforce the Philippine Islands from the imminent threat of a Japanese invasion.

Yes… sadly, we are sailing forth to war.

I felt the bulge of my old harmonica in my pocket. I never go anywhere without it, sort of like a lucky charm.

Well, there's no harm in wishing. I'll certainly need all the luck I can get.

Kumunot ang noo ni Sasha.

"Julie, okay lang ba kung hiramin ko ito?"

"Interesado kang basahin?"

Tumango siya. "I believe this was the journal of a World War II soldier."

Nagkibit ng balikat si Julianne. "Take it. Wala naman na sigurong maghahanap diyan. Nakalimutan na 'yan ng

may-ari."

Isinara niya ang diary nang magpatulong ang kanyang kapatid na iurong ang isang malaking kahon. Nang umuwi siya kinahapunan ay nakasilid na iyon sa kanyang bag.

Sasha felt the strangest thing while reading that first entry in the journal. May magandang istoryang nakatago sa mga pahina nito at may tinig na bumubulong sa kanya na tuklasin iyon.

CHAPTER 2

September 18, 1941

The sea is calm, the sky clear and the moon is bright. It was a peaceful night yet we are on constant alert. Enemy ships could be hiding anywhere out there, intent to sink us down.

The Japanese forces had occupied the naval and air bases of Southern Indochina since July, completely surrounding the Philippines. It is imperative to be doubly vigilant.

We will be landing soon. I feel like a convicted prisoner awaiting my day of execution.

I took out my harmonica and found comfort at the feel of the instrument in my palm. It was given to me by my father on my sixteenth birthday, a year before he died of a heart attack. I don't know what will happen to me, if I'll still be able to come back. At least, I have a piece of home with me wherever I go.

I wish I could play The Last Rose of Summer. *It was the only song my father had taught me. He was half-*

Irish and it was his favorite.

Nakatitig sa monitor ng computer si Sasha, pero wala sa ginagawang web application ang concentration niya. Panay ang tapik niya ng mga daliri sa ibabaw ng mesa.

Nagulat siya nang biglang ibagsak ng kasama niyang si Edward ang isang hardbound computer manual sa ibabaw ng kanyang mesa.

"Hey!"

"Mabuti naman at nagising ka na."

"Hindi naman ako natutulog."

"Nakadilat ka pero naglalakbay ang isip mo. And you keep drumming your fingers like this." Ginaya nito ang ginagawa niya kanina. "It's freaking irritating."

"Sorry," she mumbled. Hinila nito ang swivel chair at umupo sa tapat niya. Nakapangalumbaba itong tumitig sa kanya.

Katulad niya ay isa ring web developer si Edward. Filipino ito pero mahigit sampung taon nang naninirahan sa Canada at isa nang Canadian citizen. Manager ito sa digital media corporation na pinasukan niya bilang apprentice. Anim na buwan pa lamang si Sasha sa trabaho nang mag-resign ito at magtayo ng sariling web design firm. Nang matapos ang kontrata niya sa kompanya ay tinawagan siya ni Edward at inalok ng trabaho bilang isang full-time developer.

Guwapo sana ang lalaki at wala sa hitsura nitong nasa late thirties na. Ang problema ay mas malamya pa itong kumilos kaysa kanya. Mas malantik pa ang tikwas ng mga daliri nito. His being gay hadn't prevented them to form a close and honest friendship.

"Huwag mong sabihing iniisip mo pa rin ang talipandas mong ex."

She speared him with a glare.

"Okay, so hindi si Erik ang iniisip mo. Mabuti naman. Hindi na dapat pinag-aaksayahan ng panahon ang ganoong klase ng lalaki."

Napangiti ang dalaga.

"So, if you're not thinking about him, it must be about your sister. How's Julianne? How did she take the separation? Alam mo, hindi pa rin ako makapaniwalang mangangaliwa si Alex. He seemed to be a decent kind of guy."

"Pareho lang tayong nagulat. Hanggang ngayon hindi pa rin sinasabi sa akin ni Julianne ang totoong dahilan ng paghihiwalay nila. I'm not even sure there is a third party."

"Really? Now you have me curious."

"Well, I'm curious too. But I don't know anything."

Parang batang lumabi ito.

"Nasa Pilipinas na si Julianne. Katatawag lang niya kanina para sabihing nasa San Pablo na siya."

Bahagyang namutla ang mukha ni Edward. "You're not thinking of following her, are you? Damn it, Sasha, you're my best web developer. I can't afford to lose you," eksaherado nitong bulalas.

"That's really sweet," sagot niyang may halong sarkasmo. Bumulalas siya ng tawa nang taasan siya nito ng kilay.

"You can't blame me. Dumoble ang kliyente natin mula nang magtrabaho ka sa akin."

"Relax, Edward. Kung uuwi man ako ng Pilipinas,

hindi para sundan si Julianne. Determinado siya na mag-isang lutasin ang kanyang problema."

Hindi lingid kay Edward ang pagiging overprotective niya kay Julianne. Alam na niya noon pang bago ikasal ang kapatid kay Alex na sa Canada titira ang dalawa. Kaya naman naghanap siya agad ng mapapasukang trabaho sa Calgary para kahit paano ay masubaybayan pa rin niya ito.

"Pero nagbabalak ka pa ring umuwi?"

Sa halip na sumagot ay inilabas ni Sasha ang lumang journal. Mula nang iuwi niya iyon, hindi na niya iyon magawang ihiwalay sa katawan niya. Kahit saan siya magpunta ay bitbit niya iyon sa kanyang bag.

"What is this?" Binuklat ng kausap ang pahina. "Isang journal?"

"It belongs to a US World War II soldier."

He gave her a puzzled look. "What's so special about this? May sinabi ba rito kung saan nakatago ang ginto ni Yamashita?"

Umikot ang kanyang mga mata. "Be serious." Kinuha niya mula rito ang journal.

"Well, aside from his thoughts about the war and the detailed accounts of his experiences, may binanggit din siyang babae dito. Sa tingin ko, nagkaroon siya ng relasyon sa isang Filipina noong panahon ng giyera."

"Ooh, an untold love story. That sounds romantic," nakangising sabi ni Edward. "Ano'ng balak mo? Gusto mong hanapin ang may-ari ng journal?"

"Ano sa tingin mo?"

"Why not? Kilala kita, Sasha. Hindi ka matatahimik hangga't hindi nasa-satisfy ang curiosity mo. Better satisfy it soon para naman makapag-concentrate ka na sa

trabaho mo."

"Hey, hindi naman ako nagpapabaya. I never missed a deadline," angal niya. Tumatawang bumalik sa sariling mesa si Edward.

Matagal niyang tinitigan ang journal. Hindi niya maintindihan kung bakit masyado siyang affected sa mga nabasa niya.

Sasha had seen enough broken relationships to leave her jaded and cynical. Huwag nang idagdag doon ang sarili niyang karanasan sa mga relasyong hindi nagtagal. Nothing seemed to last forever, even love. Huwag nang isama ang natural cause, naisip niyang napakaraming hadlang para sa katuparan ng proverbial happy-ever-after. Unang-una na sa listahan ang infidelity. People seemed to find it hard to stay loyal to his/her partner.

Pero heto ang isang lalaki na walang ibang inisip kundi ang babaeng mahal nito sa kabila ng pag-ulan ng bala at bomba sa paligid. Heto ang isang tao na nakipaglaban para sa pagkakataong makabalik sa piling ng mahal nito.

Maybe it was what endeared her to the story—that unquestionable connection, deep enough to bridge any distance, strong enough to endure the atrocities of war…

Gusto niyang malaman ang ending ng kuwento, kung nagkatuluyan ang sundalo at si Clara. Siguro nga masyado siyang umaasa. Siguro nga disappointment lang ang naghihintay sa kanya sa bandang huli. The real world has a cruel way of crushing every fairy tale fantasy.

Pero kailangan niyang malaman. She hadn't realized until that precise moment, how much she needed to believe in fairy tales again.

Isinilid ni Sasha ang journal sa bag, ini-log off ang computer at saka tumayo.

"Edward, I'm going out."

"Anong oras ka babalik?"

"I'm not sure. Baka hindi na ako makabalik mamaya."

"What about the Madison project?"

"I'll have it over your desk on Wednesday." Friday ang deadline niya para sa project na iyon. But it was almost finished at kailangan na lang ng minor adjustments. "I have to go. See you tomorrow." She blew him a kiss and he said good luck.

Iyon ang gusto niya sa trabaho. May boss siya pero sa kanya ang buong oras niya. She could come and go as she pleased. Ang kailangan lang ay matapos niya ang bawat project bago ang itinakdang oras.

Bago sila naghiwalay, hiningi ni Sasha sa kanyang kapatid ang pangalan at contact number ng real estate agent na nag-alok sa mga ito ng bahay. Nakatira ito sa Edmonton, dalawang oras na byahe mula Calgary. Tinawagan niya muna ang babae para humingi ng appointment. Mabuti na lang at libre ito buong maghapon.

Muling nag-ring ang kanyang cellphone pagkatapos ng pag-uusap nila ng agent.

"Hello?"

"Sasha, si Alex 'to."

Matagal bago siya nakasagot.

"Hello?"

"What do you want, Alex?" she asked sharply.

"I've been trying to call your sister—"

"You mean your wife?"

Alex let out a weary sigh. "Look, Sasha, alam kong galit ka sa akin. I don't care what you think of me. I need to talk to Julianne. Walang sumasagot sa—"

"Nasa Pilipinas si Julianne."

"What?"

"Umuwi siya noong makalawa. She rented out your apartment."

"Damn it! Bakit siya umalis nang hindi nagpapaalam sa akin?"

"Uhm… maybe because she's hurt and she felt betrayed because you cheated on her?" sarkastiko niyang tanong.

"I didn't…" he paused. Malalalim na paghinga lang ang narinig ni Sasha sa kabilang linya. Alex was trying to calm his temper. "What did she tell you?"

"Wala siyang sinabi."

Another pause. Galit siya sa bayaw pero may isang bahagi niya ang nakadama ng awa rito. Disente naman itong tao. Siguro talagang mahina lang ito sa tukso.

"Malayo ang Pilipinas sa Canada. Who's going to look after her?"

Hindi niya inasahan ang lalim ng nahimigang pag-aalala sa tinig nito.

"Thanks for the concern, Alex. But Julianne's not gullible as you think. She can take care of herself."

"You don't understand."

"Damn right I don't understand. Kung hindi mo siya sinaktan, hindi siya aalis. You pushed her away, Alex. Sinira mo ang pangako mo sa kanya."

"I didn't cheat on her. Wala kaming relasyon ni Sandra."

"Yeah, right. Kaya pala nahuli niya kayong naghahalikan."

"It's not what you think." Alex muttered a string of curses. "Si Sandra ang humalik sa akin. At tinanggal ko na siya sa trabaho."

"Too late, Alex. Nasaktan mo na ang kapatid ko."

"Look, I don't have time for this. Hindi ako tumawag para makipag-away. I'm hanging up."

"Sandali!"

"May sasabihin ka pa?"

"Gusto ko lang malaman kung balak mong mag-file ng annulment."

"That's between me and my wife. Wala ka nang pakialam doon."

The line went dead.

"Asshole!" Isinilid ni Sasha ang cellphone sa loob ng bag. Nangako siya kay Julianne pero ano ang magagawa niya kung tinig pa lang ni Alex ay talagang sumusulak na ang kanyang dugo?

Mabuti na ring naisipan ng kapatid niyang umuwi sa Pilipinas. Sa milya-milyang distansya ng dalawa ay mahihirapan si Alex na i-harass ang kanyang kapatid.

Sinalubong siya ni Emily Berth sa lobby ng building kung saan ito nag-oopisina. Matapos ipaliwanag ang kanyang sadya ay ibinigay nito ang pangalan ng mag-asawang dating nakatira sa apartment nina Julianne at Alex.

Kinabukasan ay sinabi niya kay Edward ang natuklasan. Sa tulong nito ay na-trace nila ang present address ng mag-asawa. Hindi rin naman gaanong lumayo ang mga ito. Nakabili ang dalawa ng cottage thirty

minutes drive ang layo sa dating tinirhan. Sinamahan siya ni Edward kinahapunan para kausapin ang mga ito.

"Oh yes, that journal. I totally forgot about it. Haven't had the chance to finish reading it," sabi ni Floyd Everstein.

"Do you want it back?" Sasha inwardly hoped he didn't.

"No, you take it."

"Do you know who it belonged to?"

Umiling ang lalaki. "I bought that journal in a flea market in San Francisco when I visited my relatives. I can't even remember why."

Matapos magpasalamat sa lalaki ay umalis na sila.

"What now?" tanong ni Edward nang nasa kotse na sila.

"Well, it's either I look for the flea market in San Francisco or go to the Philippines and try my luck there."

"Kung sa San Francisco ka pupunta, it's like searching for a needle in the haystack."

"'Yun din ang nasa isip ko. Tingin ko mas magiging productive ang paghahanap ko sa Pilipinas. D'un naman nangyari ang lahat."

He groaned. "Does this mean you're leaving?"

"Just for a month, Edward."

"A month?"

"It could take more than that. Depende kung ano ang ma-accomplish ko."

Edward glared at her. Bumunghalit siya ng tawa.

"Hey, ilang taon na akong nagtatrabaho sa iyo at hindi pa ako humingi ng bakasyon."

Hindi ito kumibo.

"Edward, you know I need to do this. Kilala mo ako at ikaw na rin ang nagsabi na hindi ako matatahimik hangga't hindi ko natutuklasan ang nangyari."

"Hmph! Ano pa ba ang magagawa ko?"

"Puwede pa rin naman akong magtrabaho kahit wala ako sa opisina. We can communicate through email."

"Talagang gagawin ko 'yan. But it still won't be the same without you. Alam mo namang ikaw lang ang pinagkakatiwalaan ko ng mga sikreto ko."

"You don't have any secrets, Edward. Your life is an open book," kontra ng dalaga. At totoo naman iyon. Kahit kailan ay hindi nito ikinaila ang totoong katauhan. He was passionately open with his relationships.

"Well, yes. But you're the only one who listens to my rants. You tolerate my quirks."

"And you tolerate mine. Kaya nga magkasundo tayo."

Bumuntong-hininga ito. "I'll miss you."

"Kung makapagsalita ka, para namang hindi na ako babalik. I'll only be gone for a month."

"What if you meet someone and you fall in love?"

Nabigla siya sa tanong nito.

"Imposible 'yan."

"Anything is possible."

"Hindi 'yun mangyayari sa akin," giit niya.

"How can you be so sure?"

"Because I won't let it happen. Hindi ako babalik ng Pilipinas para maghanap ng bagong relasyon. God knows I haven't gotten over the last one."

Hindi na kumibo si Edward. Pagbalik nila sa opisina ay isinubsob ni Sasha ang sarili sa trabaho. Nangako siya sa kaibigan na tatapusin muna ang pending projects

bago magbakasyon. Inabot din ng isang linggo bago niya naiayos ang lahat.

The night before her flight, she went to bed feeling restless, like a kid on her first camping trip. Tapos na siyang mag-empake at handa na. Nasa loob na ng bag ang kanyang plane ticket. She was never a morning person. Pero sa unang pagkakataon, hindi niya mahintay na mag-umaga.